Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
Bayan ng Naujan
Barangay **MELGAR B**

## TANGGAPAN NG SANNGUNIANG BARANGAY

KATITIKAN NG GINAWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY MELGAR B SA SITIO MACAPILI KASAMA ANG MGA **MAMAMAYAN** DITO AT ANG KINATAWAN NG EMERGING POWER INC. NA GINANAP NOONG IKA-26 NG **HULYO, 2014** AT IKA-03 NG AGOSTO, 2014

| | | |
|---|---|---|
| MGA DUMALO: | KGG. RONALD F. ALTERADO | PUNONG BARANGAY |
| | KGG. JOYCE M. AUSTRIA | KAGAWAD |
| | KGG. CONRADO A. PEREZ | KAGAWAD |
| | KGG. CAROL C. RELANO | KAGAWAD |
| | KGG. CESSIE N. FEDELICIO | KAGAWAD |
| | KGG. NELSON L. LUMPAS | KAGAWAD |
| | KGG. LOUIE N. BAZON | KAGAWAD |
| HINDI DUMALO: | KGG. JUDY VIRGILIO P. ALCAPARAS (NAKA-BAKASYON DAHIL SA SAKIT) | KAGAWAD |

### RESOLUSYON BLG. 38
### SERYE 2014

ISANG RESOLUSYON NG PAGPAPAHINTULOT ANG MAGALANG NA IPINARARATING SA EMERGING POWER INC. NA MAKAPAGTAYO NG ***PANSAMANTALANG KONKRETONG DAUNGAN*** SA SITIO MACAPILI UPANG MADAUNGAN NG BARGE NA MAY LAMANG KAGAMITANG KAKAILANGANIN SA GEOTHERMAL

SAPAGKAT; sa ginawang pagpupulong ng Sangguniang Barangay kasama ang mga kinatawan ng Emerging Power Inc. ay nagkaroon maayos na pag-uusap, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mamamayan ng Sitio Macapili na masabi at maitanong ang kanilang katanungan at agam-agam sa isip.

SAPAGKAT; ipinangako at siniguradong ng mga kinatawan ng Emerging Power Inc. na walang magiging masamang epekto sa mga mamamayan dito ang pagtatayo ng ***pansamantalang daungan,*** at kung sakaling magkaroon ay agad nila itong aalisin.

SAPAGKAT; nagkaroon ng ikalawang pagpupulong ang Sangguniang Barangay at ang Sitio Macapili, upang ilahad ng Punong Barangay sa kanila ang nilalaman ng Resolusyong ito.

Dahil sa mga paliwanag ng mga kinatawan ng Emerging Power Inc at sa pangakong walang magiging masamang epekto, at sa paglalahad ng nilalaman ng resolusyon sa mga mamamayan ng Sitio Macapili ito'y ganap na pinagpasiyahan.

DAHIL DITO'Y IPINASIYA NA MAGALANG NA IPARATING SA EMERGING POWER INC. ang kapahintulutan ng Sangguniang Barangay at ng mamamayan ng Sitio Macapili na makapagtayo ng ***pansamantalang daungan.***

IPINASIYA PA RIN, na pagkalooban ng sipi ng Resolusyon ito ang kinauukulang Tanggapan para sa kanilang kabatiran at pagpapasiya.

SA SAMA-SAMANG MUNGKAHI AT PAGSANG-AYON ng mamamayan ng Sitio Macapili at ng lahat ng opisyales na dumalo sa pagpupulong na ito ngayong ika-26 ng Hulyo,2014 sa Sitio Macapili ang Resolusyong ito'y..............

**LUBOS NA PINAGPASIYAHAN**
**MULING GANAP NA PINAGPASIYAHAN NOONG IKA-03 NG AGOSTO,2014.**

PINATUTUNAYANG WASTO AT TOTOO:

JONAH E. GARCIA
Kalihim

PINATUTUNAYANG GANAP NA PINAGPASIYAHAN:

RONALD F. ALTERADO
Punong Barangay

JOYCE M. AUSTRIA
Kagawad

CONRADO A. PEREZ
Kagawad

CAROL C. RELANO
Kagawad

CESSIE N. FEDELICIO
Kagawad

NELSON L. LUMPAS
Kagawad

LOUIE N. BAZON
Kagawad